1910
Insular Foundation

# BISNESBOY MINGGOY

KUWENTO NI AUGIE RIVERA
GUHIT NI LIZA FLORES



## About Insular Foundation

Insular Foundation, Inc. has always believed in investing in the future. Since its inception in 1962, it has focused on programs that support the youth, specifically in their aspirations to attain quality education.

The Foundation has since evolved, adding programs under its growing areas of concern. It has branched out to related advocacies such as literacy, infrastructure building, volunteerism, culture and arts, and the environment. Nonetheless, it remains committed not only to building its legacy, but more importantly, in initiating programs that would actively contribute to building the Filipino's dream of a more progressive and socially-responsive Philippines.

The Insular Children's Storybooks series is among its projects in Education. Aside from building reading skills, the books also teach the basics of financial literacy for children using everyday situations.

## About Insular Life

At Insular Life, we apply more than a hundred years of experience in financial protection, savings, and investments to help you make confident decisions for you and your loved ones. We recognize that financial priorities change over time – that is why we are here to help you plan ahead every step of the way. With Insular Life, you have the confidence of being protected by a company managing over ₱80 billion in assets.

# BISNESBOY MINGGOY

KUWENTO NI AUGIE RIVERA
GUHIT NI LIZA FLORES






Namimilog ang mga mata ni Minggoy habang nakasilip sa salaming dingding ng sports store. Gustong-gusto na niyang magkaroon ng bisikleta. Halos lahat kasi ng mga kaibigan niya ay may bisikleta na, maliban sa kaniya.

*Minggoy's eyes grew round and big as he looks into the glass window of the sports store. He really wanted  a bicycle. Most of his friends had one, and he didn't.*



"Anak, kasisimula pa lang ng Tatay mo sa bago niyang trabaho. Ako naman, matumal pa ang order sa mga cake at cupcake ko. Kailangan muna nating magtipid-tipid," sabi ng nanay niya.

Naisip tuloy ng sampung taong gulang na si Minggoy: "Kung hindi pa ako kayang ibili nina Mama at Papa ng bisikleta, ako na lang ang bibili!"

Pero saan naman siya kukuha ng ₱3,000? Kailangan niyang mag-ipon ng pera.

*"*Anak*, your father is new at his job, the orders for my cakes and cupcakes are slow. We have to be a little more frugal these days," his mother tells him.*

*The ten-year-old Minggoy thought, "If Mama and Papa can't buy the bicycle, then I'll just buy it myself!"*

*But where will he get ₱3,000? He needs to save money.*






Nagsimulang tipirin ni Minggoy ang allowance niyang ₱20.

Tuwing recess, sa halip na cheeseburger, simpleng hamburger na lang ang binibili niya para mas mura. Imbes na bumili ng soft drink, nagbabaon na lang siya ng tubig na maiinom.

Tuwing uwian, imbes na mag-tricycle ay naglalakad na lang siyang pauwi sa bahay nila.



*Minggoy started saving. He made sure not to spend his entire allowance of ₱20.*

*Every recess, he buys a plain hamburger, which costs a lot less than a cheeseburger. He brings his own drinking water so that he won't have to buy softdrinks.*

*Instead of taking a tricycle, he walks home.*



Sa bahay, nagmasid sa paligid si Minggoy. Naghanap siya ng mga bagay na puwede niyang ipagbili para makadagdag sa ipon niya.

Marami na palang mga bote at lumang diyaryong nakatambak lang sa likod ng bahay nila. Kaya, kinolekta niya ang mga ito at ibinenta sa manong na magbobote.

*At home, Minggoy looked around for things that he could sell, to add to his savings.*

*He noticed the used bottles and newspapers that are just stored and piled in their backyard. He collected these and sold them to a reseller.*

Kinolekta rin niya ang mga sirang electric fan, butas na kaldero, pira-pirasong yero, gasgas na DVD disks, kalawanging tubo, at iba pa.

Nagbahay-bahay rin siya upang hingin ang iba pang scrap na bakal ng mga kapitbahay na pakalat-kalat at hindi na ginagamit.


Ibinenta niya ang lahat ng ito sa junk shop para makadagdag sa ipon niya.

*He also collected broken electric fans, cooking pot with holes, scrap iron, scratched DVD disks, rusty pipes, and other items that are no longer useful.*

*He went from house to house, asking neighbors for scrap metal that are useless and just lying around.*

*He sold all these to a junk shop so that his savings will increase.*





Isang araw, may dumating na bagyo. Walang tigil ang pag-ulan. Kasabay pa ito ng high tide ng linggong iyon kaya't bumaha nang halos hanggang baywang sa kalsada.

*One day, a typhoon came. The rains kept pouring. It was high tide that week, so the floodwater reached almost to one's waist.*

Nang tumila ang ulan, hindi pa rin makapaglaro sa labas ang mga bata dahil sa baha! Hindi pa rin bumabalik ang kuryente kaya't hindi rin sila makapanood ng TV. Napansin ni Minggoy ang bagong-lipat na mga Villamil. Nakadungaw lang ang tatlong magkakapatid sa bintana at walang mapaglibangan.

"Ano kaya kung ipaarkila ko sa kanila ang mga komiks, libro, at laruan ko sa murang halaga lang?" naisip ni Minggoy. Mula piso hanggang limang piso ang napagkasunduan nilang arkila. Pero, paano naman nila ito makukuha gayong hanggang baywang nga ang baha sa kalsada?

*And even when the rains finally let up, floodwaters were everywhere! The children couldn't play outside. They couldn't watch TV, too because there was no electricity. Minggoy noticed the Villamils, who had just moved in. The three Villamil children had nothing else to do but stare out their window.*

*"What if I rent out my comics, books, and toys to them for a small fee?" Minggoy wondered. They agreed on a sum of one peso to five pesos. But how will they get the items? The flood outside was waist-deep.*







Kumuha ng lubid si Minggoy, nagtali ng pabigat sa isang dulo at inihagis sa bintana ng mga Villamil. Pagkasabit sa bintana, inihagis naman nila ang kabilang dulo ng lubid kay Minggoy.

Nagsabit si Minggoy ng maliit na basket sa lubid, at sa pamamagitan ng isang maliit na pulley na tulad ng ginagamit sa flag ceremony, naihatid niya ang basket na naglalaman ng hihiraming komiks, libro, at laruan sa mga Villamil. Sa basket na rin inilagay ang bayad nila.

*Minggoy got a rope, tied a weight to one end, and threw it to the Villamils. The children tied the  weighted end to their window, and then threw the other end back to Minggoy.*

*Minggoy attached a small basket to the rope. He used a pulley, like the one that he sees during flag ceremonies, to move the basketful of comics, books, and toys to the Villamils. They then placed their payment inside the basket.*



Maya-maya pa, nanghiram na rin ang iba pang mga bata. Nagsabit din si Minggoy ng lubid sa mga bintana nila, na animo mga banderitas sa pista!

*A little later, other children started renting Minggoy's comics, books, and toys. Minggoy tied more ropes to their windows, and they begun to look like buntings for a fiesta!*




Nang sumapit ang tag-araw, binilang ni Minggoy ang mga naipon niya.

"₱1,500."

Kulang pa rin itong pambili niya ng bisikleta! Kaya't naisip ni Minggoy na magbenta ng ice candy.

"Papahiramin kita ng kaunting pondo," sabi ng nanay niya na tuwang-tuwa sa naisip na negosyo ng anak niya.

*When summer came, Minggoy counted the money he has saved.*

*"₱1,500."*

*It's still not enough to buy a bicycle! Minggoy decides to sell ice candy.*

*"I will loan you some funds," his mother told him because she thought Minggoy's small business was exciting.*

Bumili si Minggoy ng mga pahabang plastic bag, buko, munggo, asukal, gatas, at imbudo.

Tinimpla niya ang mga ito, isinalin sa plastic bag, at inilagay sa freezer para maging ice buko.

Gumawa pa ng espesyal ng paskil si Minggoy sa labas ng bahay nila: '*Minggoy's Ice Buko*.'




*Minggoy bought long and narrow plastic bags, young coconut, monggo beans, sugar, milk, and a funnel.*

*He mixed his ingredients, used the funnel to transfer the mixture into the plastic bags, and placed the bags inside the freezer.*

*Minggoy then made a special sign and put it up outside their house: "Minggoy's Ice Buko."*




Agad na kumalat ang balita tungkol sa panindang ice candy ni Minggoy. Lahat ay gustong tumikim. Bentang-benta agad ito sa kaniyang mga kalaro.

*Word about Minggoy's ice candy soon spread. Everybody wanted to have a taste. It was a bestseller among his playmates.*

Kaya't bukod sa ice buko, nag-isip pa si Minggoy ng iba-iba pang flavors ng kaniyang ice candy. Hinaluan niya ito ng sago, gulaman, ube, melon, mangga, pinipig, tsokolate, at marami pang iba.

*This led Minggoy to think of other flavors for his ice candy apart from buko. So he added tapioca, jelly, purple yam, melon, mango, rice flakes, chocolate, and many more.*

Pagkalipas ng ilang buwan, binilang uli ni Minggoy ang lahat ng naipon niya kasama na ang kinita sa pagtitinda ng ice candy.

"₱5,850."

Sobra-sobra na pala ito. Binayaran niya 'yung ipinautang sa kaniya noon ng Mama niya.

*After a few months, Minggoy decided to count his savings again, including his income from selling ice candy.*

*"₱5,850."*

*It was so much more than what he needed. He paid off his loan that his Mama lent him.*





Pero ang mas mahalaga, bumalik siya sa sports store.

Sa wakas, binili na niya ang matagal na niyang pangarap na bisikleta!

*More importantly, he went back to the sports store.*

*Finally, he bought the bicycle of his dreams!*




# MAG-IMPOK TAYO!

Nabili na rin sa wakas ni Minggoy ang pangarap niyang bisikleta! Masaya rin ang Nanay at Tatay niya dahil sarili niyang pera ang ginamit sa pagbili nito. Dahil sa pag-iipon at pagnenegosyo, natutunan rin ni Minggoy na hindi kailangang umasa sa kaniyang mga magulang tuwing mayroon siyang gustong bilhing gamit. Lalo na kung kinakailangan rin nilang magtipid.

Tulad ni Minggoy, siguradong makabibili rin kayo ng bisikleta o ng anumang bagay na gusto ninyong bilhin, kung susundin ninyo ang mga sumusunod na hakbang:

Una, kailangang maging malinaw kung ano-ano ang mga bagay na nais ninyong bilhin. Makatutulong ang paglilista ng mga ito upang maiwasan ang paggastos para sa mga bagay na wala sa inyong listahan.

Halimbawa:

Ang gustong bilhin ni Minggoy:

| | |
|---|---|
| 1. Bisikleta | ₱ 3,000.00 |
| 2. Kadena ng bisikleta | ₱ 250.00 |
| Kabuuang Halaga: | ₱ 3,250.00 |

Ikalawa, kailangang matukoy kung saan manggagaling ang salaping gagamitin sa pagbili ng gusto ninyong gamit. Mahalaga ring ilista hindi lamang ang kinikita ninyong salapi o ang pinanggagalingan nito, kundi pati na rin ang inyong mga gastusin. Ang tawag dito ay pagbabadyet.

Halimbawa:

***Budget ni Minggoy mula Enero – Abril***

<u>Kita:</u>

| | |
|---|---|
| 1. Allowance mula Enero hanggang ikatlong linggo ng Marso | ₱ 1,100.00 |
| 2. Kita mula sa mga ibinenta sa junk shop | ₱ 550.00 |
| 3. Kita mula sa pagpapa-arkila ng komiks, libro, at laruan | ₱ 400.00 |
| 4. Kita mula sa pagbebenta ng ice candy | ₱ 4,350.00 |
| Kabuuang Kita: | ₱ 6,400.00 |

<u>Gastusin:</u>

| | |
|---|---|
| 1. Meryenda sa eskuwelahan | ₱ 550.00 |
| 2. Bayad sa ipinautang na pondo ng kaniyang Nanay | ₱ 300.00 |
| Kabuuang Gastusin: | ₱ 850.00 |

| | |
|---|---|
| <u>Kabuuang Ipon (Kita – Gastusin)</u> | ₱ 5,550.00 |



Insular

Karapatang-ari © 2012. The Insular Life Assurance Co., Ltd.

Inilathala ng Insular Life
Insular Life Corporate Centre
Insular Life Drive, Filinvest Corporate City
1781 Alabang, Lungsod Muntinlupa
Filipinas

Nilikha ng Adarna House, Inc.
109 Scout Fernandez kanto ng Scout Torillo,
Brgy. Sacred Heart, Lungsod Quezon 1103
Filipinas

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasáma na ang karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan, maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Kuwento ni Augie Rivera
Guhit ni Liza Flores
Nilimbag ng Tri-Class Graphics. Inc.

ISBN 978-971-94790-4-8

## AUGIE RIVERA



Si Augie Rivera ay makailang ulit nang pinarangalan para sa kaniyang pagsulat. Awtor siya ng higit sa 15 aklat pambata kabilang na ang *Xilef, Magnificent Benito and His Two Front Teeth*, seryeng *Batang Historyador*, at *Ang Lihim ni Lea*. Awtor rin siya ng *Alamat ng Ampalaya* na ngayon ay nasa ika-17 taon na ng paglimbag.

Isa siya sa mga orihinal na miyembro at dating pangulo ng Kuwentista ng mga Tsikiting (KUTING), isang organisasyon ng mga manunulat ng kuwentong pambata.

## LIZA FLORES



Si Liza Flores ay isang ilustrador, designer, at "bisnesgirl" din.

1/3 siya ng Studio Dialogo, isang kompanyang nagdidisenyo. Tumutulong rin siya sa restaurant ng kanilang pamilya. Ilustrador siya ng 13 aklat pambata kabilang na ang *Chenelyn! Chenelyn!* na pinarangalan ng 2000 Gintong Aklat Award. Miyembro siya at dating pangulo ng Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang InK), isang organisasyon ng mga ilustrador ng aklat pambata.

THIS COPY IS NOT FOR SALE

Halos lahat ng kaibigan niya'y may bisikleta—
si Minggoy na lang ang wala.

Pero ibang klase mag-isip itong si Minggoy.
Ano kaya ang mga naisip niyang paraan
para makamit ang pinapangarap na bisikleta?

*Ito ay rekomendado sa mga batang edad 10 hanggang 12.*



1910
Insular Foundation

The Insular Life Assurance Company, Ltd.
Insular Life Corporate Centre
Insular Life Drive, Filinvest Corporate City
1781 Alabang, Muntinlupa City,
Philippines
Tel. no.: (63 2) 582-1818
Fax no.: (63 2) 771-1717
E-mail: headofc@insular.com.ph
Website: www.insularlife.com.ph

ISBN 978 971 94790 4 8